FACT SHEET: Transit

Rapid 523 na Proyekto

Pangkalahatang Ideya/Paglalarawan sa Proyekto

Batay sa kasalukuyang demand sa pagsakay sa kahabaan ng Stevens Creek corridor, paiira-lin ng VTA ang Rapid 523 na serbisyo ng bus na mag-uugnay mula sa Berryessa BART Sta-tion hanggang sa West San Carlos/Stevens Creek na ang daan ay sa Downtown San Jose, na magbibigay ng mabilis, madalas at maaasahang serbisyo sa Santa Clara at Cupertino. Pahuhusayin ng Rapid 523 na serbisyo ang Limitadong 323 na serbisyo sa pamamagitan ng pagpapadalas sa serbisyo, pagpapahusay sa mga bus stop at pagpapabilis sa serbisyo na itinugma sa mga signal ng trapiko.

Pabibilisin ng Rapid 523 na proyekto ang oras ng pagbiyahe, pagagandahin ang waiting area ng pasahero at susuriin ang mga pagkakataon upang maghikayat ng mas maraming paglal-akad at pagbibisikleta sa corridor. Ang layunin ng proyekto ay magdisenyo ng hindi mata-tawaran at kahali-halinang serbisyo na magtatatag ng ridership para sa hinaharap na pag-papairal sa Bus Rapid Transit. Nakatuon ang Rapid 523 sa pagbibigay ng isang pinahusay na serbisyo na magagamit sa Berryessa BART Station kapag binuksan ito sa Fall 2017. Ang Rapid 523 na Proyekto ay bahagi ng BART Transit Integration Plan na magbibigay ng isang pinahusay na plano ng serbisyo sa pagitan ng Berryessa BART at De Anza College.

Plano rin ng VTA na makipagtulungan sa mga lungsod ng San Jose, Santa Clara at Cupertino upang tumulong na makamit ang kanilang layunin na gawing isang multi-modal street ang Stevens Creek corridor na magpapahusay sa kaligtasan ng mga bisikleta, pedestrian at mga koneksyon sa pagsakay. Makikipagtulungan ang VTA sa mga lungsod upang alamin ang mga paraan upang pahusayin ang kaligtasan at streetscapes sa paligid ng mga istasyon kabilang ang mga magkakadugtong na sidewalks at mga lane ng bisikleta, pagdaragdag ng land-scape at ilaw sa pedestrian at pagpapaikli sa haba ng mga pedestrain crossing.

Kabilang sa serbisyo ng Rapid 523 ang mga sumusunod:

- **Mga Specialized na Sasakyan** – Hybrid, mga maginhawang modernong interior at Wi-Fi on board
- **Mga Pinahusay na Istasyon** – Proteksyon sa klima, nagpapakita ng real-time na iskedyul at mga amyenidad para sa pasahero
- **Priyoridad na Transit Signal** – Pinahusay na bilis at timing sa pamamagitan ng pag-hold sa berdeng ilaw para sa mga paparating na bus
- **Mabilis, Madalas, Maaasahan** – Mas magandang serbisyo na mas mabilis ang oras ng pagbiyahe ng bus at nasa sa oras na pagbiyahe.

Iskedyul ng Proyekto

Paunang Pagpaplano. . . . . .Fall 2014-Fall 2015

Panghuling Disenyo . . . . . .Fall 2015-Fall 2016

Konstruksyon . . . . . Fall 2016-Mga Huling Buwan ng 2017

First Day of Service . . . . . Late 2017*

*Pagbubukas ng Berryessa BART station.

Halaga ng Proyekto at Pagpopondo

Ang kabuuang halaga ng Rapid 523 na proyekto ay hindi lalampas sa $7.7M na badyet. Ang pagpopondo para sa proyekto ay magmumula sa Measure A Transit Improvement Program.

Pagpapatuloy

Ang pagbibigay ng Transit Solusyon para sa Santa Clara County

Rapid 523 Project



Paano Kami Makokontak

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Rapid 523 na proyekto, mangyaring makipag-ugnayan sa VTA Community Outreach (408) 321-7575, TTY para sa may kahirapan sa pandinig (408) 321-2330. Maaari mo rin kaming bisitahin sa web sa *www.vta.org/rapid523*,o mag-email sa amin sa *community.outreach@vta.org.*

Misyon ng VTA: *Naglalaan ang VTA ng napapanatili, naa-access, nakatuon sa komunidad na mga opsyon sa transportasyon na makabago, responsable sa kapaligiran at nagtataguyod sa sigla ng ating rehiyon.*